**KAHILINGAN PARA SA MGA PROPOSAL SA FY *2023-24***

**Pagpopondo sa mga Serbisyong na Nakabatay sa Tahanan at Komunidad**

| | |
|---|---|
| Petsa: | Hunyo 4, 2024 |
| Para sa: | nteresadong mga Organisasyon |
| Mula sa: | Regional Center of the East Bay |
| Paksa: | Kahilingan para sa Proposal (Request for Proposal, RFP) |

Noong Enero 2014, ang mga pederal na Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ay naglabas ng mga pinal na regulasyon, o mga tuntunin, para sa Mga Serbisyo na Nakabatay sa Tahanan at Komunidad (HCBS). Hinihiling ng mga patakaran na ang mga programa ng HCBS na pinondohan sa pamamagitan ng Medicaid (tinatawag na Medi-Cal sa California) ay magbigay sa mga may kapansanan ng ganap na access sa mga benepisyo ng pamumuhay sa komunidad at mag-aalok ng mga serbisyo at suporta sa mga setting na inilagay sa komunidad. Alinsunod sa itinakdang budget sa 2021, $15 milyon ang ilalaan sa mga sentrong pangrehiyon para pondohan ang mga kinakailangang pagbabago upang tulungan ang mga provider sa paggawa ng mga pagbabago ng kanilang mga serbisyo para makasunod sa mga tuntunin ng HCBS.

Ang Regional Center of the East Bay (RCEB) ay isang pribadong non-profit na organisasyon na kakontrata ng California Department of Developmental Services (DDS). Bahagi ang RCEB ng isang pambuong estadong network ng 21 Regional Center na responsable sa koordinasyon at pagpapaunlad ng mga serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa intelektwal sa mga County ng Alameda at Contra Costa.

Nakita ng RCEB na kailangan ng kontraktor na mangangasiwa sa mga pagsasanay para sa direktang suporta ng mga propesyonal at indibidwal at ng kanilang mga pamilya tungkol sa trabaho para sa mga taong may mga Kapansanan sa Intelektwal/Pisikal. Dapat na tunguhin ng kontraktor na pagyamanin ang mga nabanggit na stakeholder tungkol sa iba't ibang trabaho sa loob ng mga serbisyo sa kapansanan kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga paraan para makapagtrabaho, adbokasiya, pagsasanay sa mga benepisyo, at paggawa ng trabaho at iba pa. Inaasahan ng RFP na ito na makasunod sa Pederal na Kahilingan ng HCBS sa pamamagitan ng pagtuturo.

Mas gusto ang lokal na mga provider ng serbisyo na may karanasan sa pagbibigay ng mga serbisyo sa East Bay gayundin ang mga may karanasan sa paglilingkod sa ating komunidad na may magkakaibang kultura at wika.

Alinsunod sa Senate Bill (SB) 74, kinakailangan na ang sinumang provider ng serbisyo na tumatanggap ng mga pondo mula sa negotiated na rate ay hindi maaaring maglaan ng higit sa 15% ng natanggap na kita sa mga gastos sa pangangasiwa. Ang kinakailangang ito ay dapat pondohan ng provider ng serbisyo. Mangyaring sumangguni sa SB 74 para sa karagdagang impormasyon. May link ito sa RCEB website, www.rceb.org.

Gayundin, ang mga tagapagbigay na tumatanggap ng higit sa $500,000 hanggang $2,000,000 na revenue mula sa mga Regional Center ay kinakailangang magsagawa ng taunang independent na pagsusuri sa pananalapi o independent na pag-audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB. Kung ang provider ay tumatanggap ng katumbas o higit sa $2,000,000 mula sa mga Regional Center, kailangan nilang magsagawa ng taunang independent na pag-audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB.

**RCEB-HCBS FY- 23-24 Proyekto** **$245,000 para sa Bayad sa Kontraktor**

<u>Mga Tagubilin sa Proposal at Format ng Pagsusumite:</u>

1. ***Magsumite ng 2 elektronikong kopya ng proposal***
2. Ang isang elektronikong kopya ay dapat na **naglalaman ng lahat ng impormasyon** na hinihiling ng RFP na ito.
3. Ang isang elektronikong kopya naman ng proposal ay dapat na naglalaman ng lahat ng impormasyong kinakailangan ng RFP na ito pero **dapat na alisin (redacted) ang lahat ng nagpapakilalang impormasyon tungkol sa organisasyon, pangunahing kawani at mga consultant**. Pakisuyong alisin ang pangalan ng organisasyon at ang mga pangalan ng tauhan at consultant sa lahat ng pahina ng proposal na inalisan ng impormasyon. Tiyaking naalis din ang impormasyon sa footer ng bawat pahina.
4. Ang mga proposal ay dapat na naka-double-space (may space sa bawat linya) at isumite bilang PDF document. Ang lahat ng pahina ay dapat na may nagpapakilalang footer na may pangalan ng organisasyon at may bilang ng pahina.
5. Mag-email ng dalawang kopya sa hcbs@rceb.org na ang Paksa ay: HCBS RFP – Pagsasanay sa Trabaho
6. <u>**Ang dalawang elektronikong kopya ay dapat na matanggap ng 5:00 pm sa deadline ng RFP:**</u><br><u>**Biyernes, Hunyo 14, 2024**</u>. Hindi isasalang-alang ang mga hindi kumpletong aplikasyon.

Hihintayin namin ang mga proposal ninyo.

Anuman at lahat ng tanong ay dapat itanong kay Fruc Menchavez, Espesyalista ng HCBS, sa (510) 618-6146/email sa fmenchavez@rceb.org. Hihintayin namin ang mga proposal ninyo. Pakisuyong huwag tumawag tungkol sa kalagayan ng aplikasyon.

Magho-host ang RCEB ng Komperensya ng mga Bidder (Sesyon para sa mga Tanong at Sagot) sa Hunyo 13, 2024, 2PM-3PM. Ang Conference ay gaganapin sa Zoom at ang mga organisasyon ay dapat magparehistro gamit ang link na ito:
https://us02web.zoom.us/meeting/register/tZMtdO6qpz4rHtbZCCNemOPkUkVjV9QJiw5j

**<u>Mga Kinakailangan sa Proposal</u>**

1. RFP Application Form (Attachment A).

2. Isang pahayag na nakalagay kung sino ang gumawa sa proposal.

3. Pahayag ng Ideya. Pagkakataon ito para ilahad ang isang proposal na natatangi sa partikular na interes at karanasan mo. Ang bawat kategorya ay bibigyan ng marka batay sa nilalaman nito. Dapat na nasasagot at kasama sa Pahayag ng Ideya ang sumusunod:

    a. Paglalarawan ng iyong karanasan sa pagbuo ng mga pagsasanay para sa mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo at kani-kanilang pamilya at direktang propesyonal na suporta sa larangan ng trabaho. (5 puntos)

    b. Isang paglalarawan na nagbabalangkas sa iyong plano na maglingkod sa iba't ibang grupo ng mga tao, lalo na, sa magkakaibang kultura at wika ng mga stakeholder. Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtuturo sa grupong ito na magkakaiba ang pinagmulan. Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos)

    c. Paglalarawan ng plano mo para sa pagsusuri ng programa ng mga serbisyo at ang plano mo para sa pagpapabuti ng kalidad. (5 puntos)

    d. Mga partikular na timeline para sa pagkumpleto ng proyektong ito na nagpapakita ng lahat ng pangunahing hakbang sa proseso na tungo sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo (5 puntos)

4. Ang mga pangalan, address at numero ng telepono ng tatlong **Propesyonal na Reperensya** at maglagay ng <u>kahit isang propesyonal na sulat ng reperensya</u> na naglalarawan sa mga kakayahan at kwalipikasyon mo hinggil sa proposal na ito (Attachment D).

5. Isang panukalang **Budget** na nagdedetalye kung paano gagamitin ang pondo. Paki-distribute ang pondo sa mga iminungkahing kategorya ng line item

6. Magbigay ng kasalukuyang **Financial Statement** (Attachment C) para isama ang kasalukuyang quarterly Statement of Financial Position, kasalukuyang quarterly Pahayag ng mga Aktibidad, kasalukuyang quarterly Statement of Cash Flows, at pinakabagong audited CPA na independent audit report. (Maaaring kailanganing magbigay ka ng patunay ng pananagutan sa pananalapi bago pumirma ng kontrata para sa mga pondo ng start-up).

7. **Resume** na nagpapakita ng katibayan ng mga kwalipikasyon ng aplikante tulad ng: edukasyon, karanasan, at mga kasanayang ipinakita sa pakikipagtulungan sa mga taong may kapansanan sa paglaki (hindi bababa sa isang taon ng pagbibigay ng direktang pangangasiwa at mga espesyal na serbisyo sa mga taong may kapansanan sa paglaki) at may problema sa mental na kalusugan, pag-uugali, at kalusugan.

**May mga link sa template para sa Attachment A, B, C, D, E, at F sa [www.rceb.org](http://www.rceb.org); I-click ang Seksyon na "Para sa mga Provider" at pagkatapos ay i-click ang "Seksyon ng Kahilingan para sa Proposal."**

**<u>PANGKALAHATANG LIMITASYON:</u>**

Ang Kahilingan para sa Proposal na ito ay hindi garantiya na ibibigay ng RCEB ang kontrata, bayaran ang anumang gastos sa paghahanda ng panukala, makipagkontrata bilang tugon sa kahilingang ito, o bumili o makipagkontrata para sa mga serbisyo o supply. Para maisaalang-alang, ang kumpletong proposal ay dapat matanggap bago ang petsa at oras ng pagsasara na nakasaad sa itaas.

**<u>PROSESO NG PAGSUSURI:</u>**

A. Tinukoy ang isang Kontak na Tao para sa proyekto at magbibigay ng limitadong teknikal na tulong sa proseso ng RFP kung naaangkop.

B. Ang lahat ng kumpletong panukala ay susuriin sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri ng Komite ng Pagsusuri, na binubuo ng mga kinatawan mula sa Area Board V, ang lokal na Konseho ng Pisikal na Kapansanan, at mga kawani ng Regional Center mula sa hanay ng mga propesyonal na kakayahan na may kasananay sa partikular na RFP. Ang mga inalisang bersyon ng RFP ay susuriin ng Komite ng Pagsusuri gamit ang sumusunod na pamantayan:

**1**: Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
**2**: Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
**3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
**4**: Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
**5:** Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

C. Ang mga aplikanteng may pinakamataas na marka ay iimbitahan na humarap sa Komite ng Pagsusuri para sa isang panayam para talakayin ang kanilang proposal nang mas detalyado. Ire-rate ng Komite ng Pagsusuri ang mga sagot ng aplikante ayon sa sumusunod na pamantayan:

**1**: Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
**2**: Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
**3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
**4**: Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
**5**: Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

D. Ang aplikante na may pinakamataas na kabuuang marka ng nakasulat at ng pakikipanayam na proseso ay siyang bibigyan ng start up na proyekto. Pakitandaan na maaaring kumpletuhin ng RCEB ang proseso ng RFP nang hindi ibinibigay ang proyekto. Ang huling desisyon ng Komite ng Pagsusuri ay hindi puwedeng iapela. Ang mga materyal na isinumite ng mga aplikante ay pananatilihin sa file sa loob ng tatlong taon sa RCEB.

E. Ang lahat ng aplikante ay padadalhan ng mga liham na nagpapaalam sa kanila kung ibibigay sa kanila o hindi ang proyekto. Magbibigay ang RCEB ng pagkakataon sa mga aplikante na talakayin kung bakit hind pinili ang kanilang proyekto, kung hilingin ng aplikante.

Kapag ang mga kandidato ay nabigyan ng mga proyekto, ipapadala ang liham sa lahat ng aplikante para ipaalam sa kanila ang desisyon tungkol sa pagbibigay ng Pondo ng HCBS. Pakisuyong huwag tumawag o mag-email para magtanong tungkol sa katayuan ng proyekto.

**Timeline ng RCEB**

1. **Hunyo 4, 2024**: Ang RFP ay iaanunsyo at babayaran
2. **Hunyo 13, 2024, 2PM-3PM**: RFP Tanong at Sagot.
    a. Magrehistro para makadalo: https://us02web.zoom.us/meeting/register/tZMtdO6qpz4rHtbZCCNemOPkUkVjV9QJiw5j
3. **Hunyo 14, 2024 ng 5:00 PM**: Ipasa ang kumpletong proposal sa hcbs@rceb.org
4. **Hunyo 17, 2024:** Ipadala ang Nakasulat na Proposal sa Komite ng Pagsusuri
5. **Hunyo 20, 2024:** Pagsusunod-sunurin ang mga marka ng Nakasulat na Proposal
6. **Hunyo 24, 2024**: Magsisimula ang mga panayam

**SHEET PARA SA MARKA NG PAGSUSURI NG RFP SA PROVIDER NG SERBISYO:**

**Pangalan ng Aplikante:** ______________________ **RCEB Fiscal Year at Numero ng Proyekto:** ______________________

**Pangalan ng Tagasuri:** ______________________ **Petsa:** ______________________

**Marka:** i-rate nang 1-5 ayon sa sumusunod: **Marka**: __________

**1**: Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
**2**: Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
**3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
**4**: Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
**5:** Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

| | **PAMANTAYAN para sa Pahayag ng Ideya:** | **MARKA** | **KOMENTO** |
|---|---|---|---|
| a. | Paglalarawan ng iyong karanasan sa pagbuo ng mga pagsasanay para sa mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo at kani-kanilang pamilya at direktang propesyonal na suporta sa larangan ng trabaho. (5 puntos) | | |
| b. | Isang paglalarawan na nagbabalangkas sa iyong plano na maglingkod sa iba't ibang grupo ng mga tao, lalo na, sa magkakaibang kultura at wika ng mga stakeholder.<br><br>Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtuturo sa grupong ito na magkakaiba ang pinagmulan. Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos) | | |
| c | Paglalarawan ng plano mo para sa pagsusuri ng programa ng mga serbisyo at ang plano mo para sa pagpapabuti ng kalidad. (5 puntos) | | |
| d. | Mga partikular na timeline para sa pagkumpleto ng proyektong ito na nagpapakita ng lahat ng pangunahing hakbang sa proseso na tungo sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo (5 puntos) | | |